OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Nangangarap Pa Rin Namin ang Isang Kinabukasan : Ang Panawagan Para sa Pag-aktibo & Mga Pagpapakitga ng Downtown sa 2026

## Pangkalahatang Impormasyon sa Gawad

Iniimbita ng Tanggapan ng Sining & Kultura ng Seattle (Arts & Culture) ang mga indibidwal na alagad ng sining, mga prodyuser ng kultura, mga administrador sa sining, mga malikhaing manggagawa, mga grupo ng komunidad, at mga organisasyon ng mga sining at kultura na kahit na ano ang laki upang mag-alok ng mga proyektong pang publikong espasyo sa Downtown Seattle sa 2026.

Na mayroong pinag-isang tema ng *Nangangarap Pa Rin Namin ang Isang Kinabukasan*, iniimbita ng panawagang ito ang mga alok na may dalawang uri:

- Mga pagpapakita sa loob ng ARTS sa King Street Station (KSS)
- Mga Pag-aktibo at mga paglalagay sa King Street Station Plaza, sa Union Station Plaza at iba pang espasyong pampubliko sa Chinatown-International District, Pioneer Square, at Stadium District

Mga pondo sa pag-gawad **hanggang $50,000** ay makakamit para sa mga kabayaran ng mga malikhaing manggagawa at mga gastos ng proyekto.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat o suportang teknikal sa online, tawagan si Kate Fernandez, Superbisor ng Pag-aktibo sa Downtown, sa 206-948-3059 o kate.fernandez@seattle. gov.

**Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong binibigkas. Asahan ang saglit na paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.**

## Pinag-isang Tema

*Nangangarap Pa Rin Namin ang Isang Kinabukasan* ay ang paghahanay ng ating kolektibong imahinasyon sa loob ng at labis pa sa ating pangkasalukuyang mga kalagayan, at maging sa mga balakid na ating hinaharap. Ito ang pagdiriwang ng deklarasyon ng ating mga pamayanan na sila ay narito pa rin at mananatiling narito sa maraming taon na darating. Sa pakikipag -usap sa bawat isa, itinatayo natin ang ideya na ang ating pag-unlad ay dapat at posible.

Ang sining ay mahalaga sa paglikha ng susunod. Kapag nakikita natin ang maaaring maging, naririnig ito, hawakan ito, maranasan ito, kung gayon ang ating inaakala ay nagiging isang bagay na higit pa: Sa pamamagitan ng sining, ang lahat ng posible ay tumatagal ng isang hakbang patungo sa pagiging tunay. *Nangangarap Pa Rin ng Isang Kinabukasan.*

Kayo ay kinakailangan. Saan pumapasok ang iyong trabaho sa pag-uusap na ito o saan ito lumalayo sa mahahalagang paraan? Ang isang talakayan tungkol sa hinaharap ay isang talakayan rin tungkol sa ating nakaraan at sa ating kasalukuyan, kung sino tayo at kung sino tayo. Ang iyong trabaho ba ay isang paggalugad sa pagkakakilanlan? Isinisiwalat mo ba o isinasaalang-alang ang higit na malalaking sistema na gumagana sa ating buhay? Naglalarawan ka ba ng mga pangitain ng kung ano ang nasa kabila lamang ng ating pagkatao? Hindi pa namin matatanaw ang lahat ng inyong nasasa-isip sa pagsagot nitong diwa. Ipakita sa amin ang lahat nang posible.

## Aplikasyon

Mag-aplay sa online sa pamamagitan ng Submittable:
https://seattearts.submittable.com/submit.

Kung wala kayong pag-access sa computer o internet o ibig pag-usapan ang tungkol sa mga alternatibong mga paraan sa pag-aaplay, mangyaring makipag-ugnayan kay Kate Fernandez, Superbisor ng Pag-aktibo sa Downtown, sa 206-948-3059 o kate.fernandez@seattle.gov.

## Takdang Petsa

**Martes, Hunyo 3, 2025, 5:00 n.h. Pasipiko**

Mangyaring magbigay ng sapat na oras upang makumpleto ang inyong aplikasyon. Mga aplikasyon na naisumite matapos ang huling araw ay hindi tatanggapin.

## Pagiging karapat-dapat

Kayo ay karapat-dapat sa pagpopondo kung **nakamit ninyo ang mga sumusunod na pagbabatayan**:

- Isa kayong indibidwal na alagad ng sining, organisasyon, o grupong nakabatay sa komunidad na matatagpuan sa, o regular na nagtatanghal sa, Seattle.
    - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na artistang kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- Hindi kayo nakatanggap ng pagpopondo mula sa amin sa mga dating mga pagbabago nitong inaalok na proyekto sa loob ng 3 taon.

- Hindi kayo kasalukuyang tumatanggap mula sa amin ng pagpopondong may kinalalaman sa Planong Pag-aktibo sa Downtown para sa mga proyektong gaganapin sa 2026.
- Maaari kayong mag-aplay sa mas-higit pa sa isang tipo na proyekto, halimbawa, maaari kayong magsumite ng mga hiwalay na alok para sa isang eksibisyon sa KSS at isang aktibasyon sa pang-labas. Subalit hindi kayo maaaring magsumite ng higit pa sa isang alok para sa pag-papakita o pag-aktibo.

**Ang inyong proyekto ay HINDI dapat:**

- Direktang nag-bebenta ng mga materyales o mag-poste ng mga presyo (ito'y sapat LAMANG sa mga alok para sa King Street Station at Union Station)
- Gumamit ng mga benta ng tiket. Ang lahat ng mga programa ay dapat na iharap nang walang bayad sa publiko.

## Mga Kinakailangan sa Proyekto

- Ang inyong proyekto ay dapat maganap sa pagitan ng Enero - Disyembre 2026.
    - Mga eksibisyon, mga pang-loob na aktibasyon, at mga naitayo sa labas ay maaaring maganap sa kabuuan ng taon
    - Ang mga pang-aktibo na panlabas ay sa kadalasan nagaganap sa pagitan ng Hunyo - Setyembre.
- Ang inyong proyekto at ang mga katumbas na pampublikong benepisyo ay dapat maganap sa Downtown Seattle malapit sa:
    - Chinatown-International District
    - Pioneer Square (pati na ang King Street Station o Union Station)
    - Stadium District
- Ang inyong proyekto ay tumutugon sa abisong: *Pinapangarap Pa Rin Namin ang Isang Kinabukasan* (tingnan ang seksyon ng **Pag-iisa ng Tema** sa itaas).
- Ang inyong proyekto ay dapat napapa-alam at dapat na-akses ng pangkalahatang publiko --- mga miyembro ng mga komunidad ng Seattle, mga manggagawa, at mga bisita ---upang lumahok na walang babayaran.
- Dapat ninyo na tiyakin ang mga opsyon sa pag-akses para sa mga taong unang-una'y nagsasalita ng mga wika liban sa wikang Ingles at mga taong may kapansanan, kung saan ito'y magagawa para sa inyong kinalalagyan at para sa proyekto.
- Ang inyong proyekto ng apag-aktibo ay maaaring magkaroon ng birtwal na bahagi, subalit dapat ito ay *unang-una* isang personal na karanasan.
- Kung ang iyong proyekto ay isang pansamantalang pag-lagay ng sining, dapat itong ipakita nang hindi bababa sa 3 buwan.

## Pagpopondo

Pwede ninyong gamitin ang nahandugan sa inyo na pondo para sa bayad ng mga alagad ng sining, pag-memerkado at gastos pang-promosyon, pamamahala ng proyekto at gastos sa

tauhan, kagamitan, renta ng mga kagamitan o iba pang kaugnay sa produksyon na gastos, ang kakailanganing seguro, at hindi hihigit sa 10% na gastos para sa pagkain. Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos kapag may paunang pag-apruba ng tagapamahala ng paggawad ng proyekto.

Ang mga sumusunod ay **hindi karapat-dapat para pondohan:**

- Mga proyekto na permanente na nilagay at mural
- Mga proyekto sa pagpapabuti ng kapital
- Mga serbisyong pang-relihiyon
- Mga pang-polika na kaganapan
- Mga fundraiser at mga pribadong kaganapan
- Mga regalo
- Para kumita o mga kaganapang/eksibisyong bumibiyahe

Mangyaring gamitin ang mga sumusunod na balangkas bilang gabay para sa paghiling ng mga pagpopondong halaga. Ang mga bilang na ito ay hindi mga takdang kakailanganin subalit gagamitin ito upang tumulong sa pagaalam ng lawak ng inyong proyekto at ng inyong hiling sa pagpopondo.

**PAGPOPONDO NG PAG-PAPAKITA**

- **$10,000** -- mga 2-3 buwan ng pagtatanghal, kasama na ang 9-12 oras na pakikipag-ugnayan sa publiko sa ARTS ng galerya ng King Street Station

**PAGPOPONDO NG PAG-AKTIBO & PAG-LALAGAY**

- **$20,000-35,000 / Katamtaman na laki ng mga proyekto** - mga halos 12 - 24 oras na pagpoprogramang pampubliko, sumusuporta ng 3-6 na malikhaing manggagawa
- **$35,000-50,000 / Malakihang laki na mga proyekto** - mga halos 28-40 oras na pagpoprogramang pampubliko, sumusuporta ng 7-10 malikhaing manggagawa

## Mga Sesyon ng Impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa gawad na ito at kung papano isumite and inyong pinaka-maayos na aplikasyon.

**Ika-1 sesyon(Birtwal)**
Huwebes, Abril 25, 2025 1:00 ng umaga - 2:00 n.h.
Link para sa RSVP

**Ika-2 sesyon (Birtwal)**
Martes, Mayo 13, 2025 5:00 n.h.- 6:00 n.g.

Link para sa RSVP

**Ika-3 sesyon (Birtwal)**
Sabado, Mayo 17, 2025 11:00 n.u. - 12:00 n.h.
Link para sa RSVP

**Ika-4 sesyon (Birtwal)**
Huwebes Mayo 22, 2025 1:00 n.h. - 2:00 n.h.
Link para sa RSVP